Ano ang Pinakahuling Balita tungkol sa Pagpayo sa HIV at sa mga Pagsusuri para sa HIV?

Mga Karagdagang Sityong nagsasagawa ng mga Pagsusuring Anonima

Kamakailan lamang in-autorisahan ng pamahalaan ng Ontario ang 24 mas sityos na nagbibigay ng mga pagsusuring anonima. Nagresulta ito sa 50 sityo sa kabuuan at ngayon ay mas madaling akakakuha ng anonimang pagsusuri sa HIV sa maraming dako ng probinsya. Maaring iharap ng mga doktor na walang panahong magsagawa, o karanasan sa pagsasagawa, ng anonimang pagsusuri sa HIV ang kanilang mga pasyente sa isang klinika para sa kalusugang pampubliko na may espesyalisasyon sa kalusugang seksuwal, o sa isang programa para sa anonimang pagsusuri.
Makipag-alam sa AIDS Hotline tungkol sa direksiyon at telepono ng mga sityong nagsasagawa ng anonimang pagsusuri sa 416-392-2437 o 1-800-668-2437;
linyang Pranses: 1-800-267-7432.
French line: 1-800-267-7432.

Saan sa Ontario Matatagpuan ang mga Sityong nagbibigay ng mga Anonimang Pagsusuri para sa HIV?

22 sa mga pangkat para sa pampublikong kalusugan.

16 sa mga sentro para sa kalusugan ng komunidad.

4 sa pagkokomadrona (maaring magamit ng kanilang mga kliyente lamang).

3 sa mga sentro para sa kalusugang seksuwal.

5 sa mga ibang pook – isang ospital, isang ahensiya para sa kabataan, dalawang ahensiyang Aborihinal at sa isang pangkat para sa kalusugang pampamilya.

Mga Karagdagang Pagsusuring mas

naibabagay sa mga Pangyayari Nagbibigay ang Ministro ng Kalusugan at Pangangalagang Pangmatagalan ng mga libreng pagsusuri para sa HIV, kung saan o malapit sa kung saan nagbibigay ng pangangalaga para sa pasyente (point-of-care test), sa mga sityong nagbibigay ng anonimang pagsusuri, sa mga klinika para sa kalusugang pampubliko na may espesyalisasyon sa kalusugang seksuwal at sa mga sentro para sa kalusugan ng komunidad na nagbibigay ng ganitong uri ng pagsusuri.
Sa pamamagitan ng pagsusuri na binibigay kung saan o malapit sa kung saan nagbibigay ng pangangalaga para sa pasyente, malalaman ng mga taong may negatibong resulta ang resulta ng kanilang pagsusuri sa loob ng ilang minuto pagkatapos ng kanilang pagsusuri. Ang mga taong may positibong resulta, o reactive na resulta, sa isang pagsusuri na point-of-care, ay kailangang sumailalim sa isang pagsusuring titiyak, o confirmatory test, na gumagamit ng pangkaraniwang pamamaraan sa laboratoryo, at kailangang maghintay ng hanggang dalawang linggo upang matanggap ang kanilang mga resulta. (Pansinin: sa ibat-ibang dako ng probinsya, nagkakaiba-iba ang panahon ng pagtanggap ng mga resulta ng pagsusuri). Karagdagan, ang laboratoryo para sa kalusugang pangmadla ay karaniwang nagsasagawa ngayon ng mga pagsusuring p24 antigen sa anumang muwestrang sinusuri, kung saan ang pormularyong nagrerekisisyon, o requisition form, ay nagpapakita na ang tao ay nasa window period, o ang panahon sa pagitan ng pagkakaroon ng impeksiyon at unang positibong resulta, may mga sintomas AT nagkaroon ng masyadong mapanganib na pagkakalantad.

Karagdagang Kaalaman tungkol sa mga Panganib

Alam na namin na

- Ang mga mas batang babae (ibig sabihin, may edad na mas mababa sa 18 taong gulang) ay nasa mas mataas na panganib na magkaroon ng HIV kaysa mga mas matandang babae dahil ang mga selula ng kanilang serbis (cervix) ay hindi nabubuong lubos hanggang maabot nila ang 18 taong gulang.
- Ang kalusugan ng mokosong lamad, o mucosal membrane, ay apektado ng pagkakaroon ng ibang impeksiyong napapasa sa pamamagitan ng mga paraang seksuwal, o sexually transmitted infections (STIs), mga taas ng hormona ng babae, kakulangan ng lubrikasyon at ang paggamit ng mga sangkap na nagiging sanhi ng iritasyon.
- Ang isang mababang kargang birus, o viral load, ay nakakabawas sa, subalit hindi naaalis ang, panganib na mapapasa ang HIV. Hindi laging sapat na naaabot ng mga gamot laban sa birus ang mga taas na kailangan upang masugpo ang HIV sa genital tract. Ang panganib ay mas mataas kung ang tao ay may ibang impeksiyong napapasa sa pamamagitan ng mga paraang seksuwal.
- May panganib na mapasa ang HIV sa pamamagitan ng paggamit ng kasangkapan ng iba para sa bawal na gamot (bukod sa mga karayom), gaya ng mga pang-luto (cookers), mga piltro, tubig, mga pamahid na may alkohol, mga tourniquet, mga kuwako para sa paghithit ng kokayna (crack pipes) at mga kristal na tangkay (glass stems).

Mas Magaling na Pag-unawa ng mga Panlipunang Sanhi o Panganib

Ang kakayahan ng taong makipag-areglo sa at magsagawa ng mas ligtas na seksuwal na pagtatalik at paggamit ng bawal na gamot ay naaapekto ng mga panlipunang sanhi ng kalusugan, gaya ng karalitaan, pagpapabahay, mga kakulangan sa katimbangan ng kapangyarihan sa mga relasyon, paggamit ng bawal na gamot at pag-inom ng alkohol, at batik sa karangalan.
Madalas, ang mga isyung hinaharap ng tao ay nagkakaiba-iba depende sa edad, seksuwal na oryentasyon, kultura at lahi.

Ontario

Kailangang talakayin ang lahat ng mga isyung ito ng mahusay na pagpayo ukol sa paghahadlang sa impeksiyon. (Tingnan ang Apendise 2 upang mabasa ang isang maikling pagtalakay ng mga isyung inangkop sa ibat-ibang grupo ng mamamayan.)

Ang Kahalagahan ng Ibang mga Impeksiyong Napapasa sa Pamamagitan ng Paraang Seksuwal, o Sexually Transmitted Infections (STI), at Pagsusuri para saHepatitis C

Isang malaking bahagi ng mamamayang nasasapanganib ng HIV ay nasasapanganib din ng ibang mga impeksiyong napapasa sa pamamagitan ng mga paraang seksuwal, o sexually transmitted infections (STIs), at hepatitis C. Sinumang humingi ng pagsusuri para sa HIV ay dapat payuhan at suriin din para sa mga ibang panganib na dulot ng ibang impeksiyong napapasa sa pamamagitan ng paraang seksuwal at sa Hepatitis C, at bigyan ng pagkakataong sumailalim sa karagdagang pagsusuri.

Ang Panahong Kailangan upang Magpasuri para sa HIV

Ang pagpayo sa HIV bago magpagsuri ay maaring ganapin sa loob ng 15 hanggang 20 minuto; subalit magkakaiba-iba ang panahong ito, depende sa taas ng kaalaman ng kliyente at sa mga ibang pangangailangan niya.

Ang Legal na Pangangailang Magsiwalat sa mga Magiging Kasama

Sa buong itinagal ng ilang nakaraang taon, ang ilan sa mga taong may HIV ay nahatulan sa mga kriminal na sakdal dahil sila'y seksuwal na nakipagtipan, na naglagay sa kanilang mga kasama sa malaking panganib na magkaroon sila ng HIV, at hindi nila pinabatid sa kanilang mga kasama na taglay nila ang HIV. Ang mga taong may mga positibong resulta sa pagsusuri sa HIV ay dapat payuhan ngayon na dapat nilang abisuhan ang kanilang mga kasama na mayroon silang HIV bago lumahok sa anumang napakamapanganib na gawaing seksuwal, gaya ng pagtatalik sa ari ng babae o puwit na hindi gumagamit ng proteksiyon. Kung hindi, hindi balido ang pahintulot ng kasama na seksuwal na makipagtalik at ang taong may HIV ay maaaring mahabla, Ang batas ay hindi pa lubos na malinaw ukol sa mga ibang napakamapanganib na gawain. Upang makatanggap ng karagdagang impormasyon tungkol sa legal na pangangailangan na isiwalat ang pagtataglay ng HIV sa mga magiging kasama, makipag-alam sa HIV & AIDS Legal Clinic (Ontario) (HALCO): 416-340-7790; 1-888-705-8889; www.halco.org.

Tulong sa mga Isyu ukol sa Lengguwahe

Ang AIDS Hotline ay nagbibigay ng impormsayon sa 18 wika at may mga kawaning kayang magbigay ng mga serbisyo sa pagsasalin kapag ang mga tagapayo ay hindi nakakapagsalita sa wika gaya ng wika ng mga kliyente. Alam na alam nila ang mga isyu ukol sa pagsusuri sa HIV at sila ay napakahusay na dulugan. (Ang mga telepono ng AIDS Hotline: 416-392-2437 o 1-800-668-2437; linyang Pranses: 1-800-267-7432.)

Sa Enero 2008, ang AIDS Hotline ay nagbigay ng mga serbisyo sa mga sumusunod na lengguwahe:

Armenyo
Bengali
Kanton
Ingles
Pilipino
Pranses
Hakka
Hindi
Mandarina
Portuges
Ruso
Sinhalese
Espanyol
Swahili
Taiwano
Tamil
Urdu
Biyetnamo

Tulong sa Pagsisiwalat sa mga Kasama

Ang Kagawarang AIDS, o AIDS Bureau, ay nakikipagtulungan sa mga ibang nagsusumikap sa larangang ito upang makabuo ng mga mas detalyeng tuntunin para sa pagsisiwalat sa mga kasama na makakatulong sa mga tagapayo sa pagtatalakay ng mga mahihirap na isyu.

Mga Ibang Listahan para sa Kontrol at mga Kasangkapan

Ang mga Tuntunin sa Pagpayo at Pagsusuri sa HIV, o Guidelines for HIV Counselling and Testing ng Kagawaran ng Kalusugan at Pangangalagang Pangmatagalan ay may ilang mga kasamang kasangkapan, gaya ng listahan para sa kontrol kapag nagbibigay ng payo bago isagawa ang pagsusuri, saisang-sulyap na mga tuntunin upang maging mas ligtas ang seksuwal na pagtatalik, mga tuntunin sa pagpayo at payo sa pagpapahayag ng positibong resulta sa pagsusuri.

Matuto ng higit tungkol sa pagsusuri sa:
SayYesToKnowing.ca

Tagalog Catalogue No. CIB-6153473 March/08 © Queen's Printer for Ontario